# ILANG METRO MAYORS, PABOR SA PAGPAPALIBAN NG CHILD CAR SEAT LAW

Daily Tribune (Philippines) · 5 Feb 2021 · 2 · NI SEBASTIAN NAVARRO

Hindi pa umano dapat ipatupad sa ngayon ang bagong-pasang child car seat law ayon sa ilang Metro Manila mayors dahil hindi pa umanong kayang ipatupad ito bunsod sa pagiging malabo ng mga guidelines nito at marami pa daw katanungan tungkol dito na dapat munang sagutin.

Sinabi ni Quezon City Mayor Joy Belmonte, kailangan daw malaman muna kung implementable ba ang bagong batas o hindi at kahit maraming bansa na ang nagpapatupad nito, kailangan pa rin umanong ikonsidera ang konteksto rito sa Pilipinas lalo't wala namang batas din para limitahan ang darkness sa tint ng mga sasakyan.

"You can have the most brilliant laws, because I think the child seat law is common in developed countries, but the issue is if it's implementable in your context so siguro kailangan munang siguraduhin na that can be implemented," saad ni Belmonte.

"It cannot be implemented given the situation now," dagdag niya. Sinabi rin ng QC mayor na bukas ang lokal na pamahalaan nila na ipatupad ang nasabing batas kung may maayos lang na guidelines.

Si Navotas City Mayor Toby Tiangco naman, iginiit na kailangang pag-aralan munang mabuti ang batas bago ipatupad dito sa Pilipinas lalo kung kinokopya lang ito sa ibang bansa.

Hindi raw ito ipatutupad sa Navotas kung mas makasasama pa.

"I think it is only up to 5 or 7 years old and the height is definitely not 4'11. I'm sure it's not 4'11. Unang-una saan ka naman hahanap ng car seat na kakasya 'yung 4'11 so sa tingin ko may mali doon," sabi ni Tiangco.

"Of course, we cannot implement this. We cannnot enforce this if it will cause harm to the person. Hindi naman pupuwede. Hindi naman tama 'yon," dagdag niya.

Kung matatandaan, napirmahan ni Pangulong Rodrigo Duterte ang Child Safety in Motor Vehicles Act noong Pebrero pa nang nakaraang taon at nakasaad dito ang paggamit ng child restraint system o car seat sa mga batang edad 12 pababa bilang bahagi ng road safety.

Pebrero 2 ngayong taon dapat ipatutupad ito, subalit ipinagpaliban muna ng Department of Transportation ang full implementation nito matapos batikusin ang guidelines ng batas, partikular sa height o laki ng bata.